




## 'A Dictionary of Cebuano Visayan' ni John U. Wolff: Isang Microstructure na Pagsusuri

<sup>1</sup>Julie An N. Cañas , <sup>2</sup>Lynard T. Indoyon , <sup>3</sup>Prince Allen K. Ramiso , <sup>4</sup>Alia D. Ramber 

<sup>1 2 3 4</sup>MSU-Iligan Institute of Technology, <sup>1</sup>MSU-Marawi Campus, <sup>3</sup>Jose Rizal Memorial State University-Katipunan Campus

<sup>1</sup>[juliean.canas@g.msuiit.edu.ph](mailto:juliean.canas@g.msuiit.edu.ph), <sup>2</sup>[lynard.indoyon@g.msuiit.edu.ph](mailto:lynard.indoyon@g.msuiit.edu.ph), <sup>3</sup>[princeallen.ramiso@g.msuiit.edu.ph](mailto:princeallen.ramiso@g.msuiit.edu.ph)

### Mga Detalye ng Artikulo:

Natanggap: 25 March 2026

Binago: 30 March 2026

Tinanggap: 9 April 2026

Nailathala: 31 May 2026

Kaugnay na Email:

[juliean.canas@msumain.edu.ph](mailto:juliean.canas@msumain.edu.ph)

### Inirerekomandang Sipi:

Cañas, J. A. N., Indoyon, L. T., Ramiso, P. A. K., Ramber, A. D. (2026). 'A Dictionary of Cebuano Visayan' ni John U. Wolff: Isang microstructure na pagsusuri. *The International Review of Multidisciplinary Research*. 1 (6), 697-712.

<https://doi.org/10.5281/zenodo.20557841>

### Mga Terminong Indeks:

cebuano-visayan dictionary, bilingual dictionary, microstructure, metaleksikograpiya, leksikograpiya

**Abstrak.** Nananatiling kulang at hindi sapat ang mga pag-aaral na nagsasagawa ng masusing metaleksikograpiyong pagsusuri sa mga lokal na diksyunaryo sa kabila ng kinikilalang ambag ng leksikograpiya sa pagpreserba at pagpapalaganap ng wika, partikular ang wikang Cebuano. Kaya naman, nilalayon ng pag-aaral na ito na mailarawan at masuri ang microstructure ng 'A Dictionary of Cebuano Visayan' ni John U. Wolff gamit ang mga pamantayan nina Landau (2001) na *Basic Elements of the Dictionary* at Haas (nasa Landau, 2001) na *Desiderata for a Bilingual Dictionary*. Bilang metodo, gumamit ang pananaliksik ng kwalitatib-deskriptibong disenyo at archival na pamamaraan, kung saan ang nasabing diksyunaryo ang pangunahing batis ng datos. Bilang resulta, natuklasan sa pag-aaral na ang naturang diksyunaryo ay may matibay na pundasyong linggwistiko, partikular sa pagbibigay ng detalyadong grammatical information, sistematikong alphabetization, at paggamit ng mga ilustratibong pangungusap na nagpapakita ng aktwal na gamit ng salita. Epektibo rin ang pagbibigay ng salin sa bawat entry at halimbawa na nagpapatibay sa katangian nito bilang bilinggwal na diksyunaryo. Gayunpaman, may ilang limitasyon itong natukoy, katulad ng kakulangan sa sistematikong usage guidance, hindi konsistent na pagmamarka ng rehistro ng wika, at kawalan ng etimolohiya sa maraming entry. Napansin din ang ilang isyu sa presentasyon ng mga entry, kagaya ng hindi malinaw na paglalagay ng mga varyasyon ng salita at kakulangan sa morfolohikal na paliwanag sa ilang lemma. Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na bagaman nananatiling mahalagang sanggunian ang diksyunaryo ni Wolff para sa mga tagapagsalita at nag-aaral ng wikang Cebuano, gayundin sa larangan ng leksikograpiya, kinakailangan pa rin ang rebisyon at modernisasyon nito upang mas makaangkop sa kontemporaryong pangangailangan ng mga gumagamit. Inaasahang magsisilbing batayan ang pag-aaral na ito tungo sa pagbuo ng mas sistematiko, inklusibo, at napapanahong mga diksyunaryong Cebuano sa hinaharap.

## Panimula

I tinuturing na isang masalimuot na sining at siyentipikong disiplina ang leksikograpiya na nakatuon sa sistematikong pagbuo at pag-aanalisa ng mga diksyunaryo (Jackson, 2002). Hindi na lamang tinitingnan sa kasalukuyan ang mga diksyunaryo bilang payak na listahan ng mga salita, kundi bilang mga kritikal na imbakan ng kultura at identidad ng isang bansa. Mapapansin sa kasalukuyang daloy ng pananaliksik sa bansa ang isang malaking *gap* dahil sa limitadong bilang ng mga pag-aaral na naglalapat ng mga makabagong teoryang metaleksikograpiyong sa mga lokal na diksyunaryo. Dagdag pa rito, may mga pag-aaral na tungkol sa metaleksikograpiya sa Filipino, subalit walang makikita nito sa Cebuano, o kung mayroon man ay maaaring hindi ito nailimbag. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa isang *microstructure* na pagsusuri sa *A Dictionary of Cebuano Visayan* (1972) ni John U. Wolff, pinili ang diksyunaryong ito ni John U. Wolff bilang paksa ng pagsusuri dahil sa lawak ng mga gumagamit ng wikang Cebuano at sa pagkilala rito bilang isang komprehensibong dokumentasyon mula sa kolaborasyon ng Cornell University at Linguistic Society of the Philippines. Nagsisilbing matibay na pundasyon ang akdang ito sa pag-unawa sa estruktura ng wika, kung kaya't kailangang mabusisi ang integridad nito gamit ang mga prinsipyo ng metaleksikograpiya upang matiyak ang kalidad ng impormasyong

ibinibigay sa mga gumagamit (Bernad, 1972). Gagamitin bilang gabay sa *microstructure* na pagsusuri ang pamantayang inilalahad ni Sidney Landau (2001) mula sa kanyang aklat na *Dictionaries: The Art and Craft of Lexicography*, partikular na sa *Basic Elements of Dictionary at Desiderata for Bilingual Dictionary* ni Haas (nasa Landau 2001), upang masusing mabusisi ang kalidad at teknikal na integridad ng nasabing diksyunaryo.

Nananatiling kulang ang mga pagsusuring nag-uugnay sa akda ni Wolff sa mga pandaigdigang pamantayan ng leksikograpiya, na nagreresulta sa kakulangan ng matibay na batayan para sa pagbuo ng mga panibagong diksyunaryo. Ayon sa Tamil Nadu Open University (2017), bagaman matanda na ang leksikograpiya, nitong ika-20 siglo lamang ito kinilala bilang hiwalay na disiplina. Dahil dito, kailangan ang sistematikong pag-aaral sa mga prinsipyo at paraan ng pagbuo ng diksyunaryo. Nagpapatunay ang ganitong uri ng kakulangan sa akademikong pagsusuri na kailangang bigyang-pansin ang ebolusyon ng mga kagamitang pangwika upang makaagapay sa nagbabagong pangangailangan ng mga gumagamit nito (Atkins at Rundell, 2008). Samakatuwid, naglalayong maglatag ng pundasyon ang pananaliksik na ito para sa mas sistematikong paggawa ng diksyunaryo sa hinaharap sa pamamagitan ng kritikal na pag-unawa sa mga naunang mahahalagang akda.

Malalim na nakaugat ang kahalagahan ng pag-aaral na ito sa pagtataguyod ng mga layunin ng Sustainable Development Goals (SDG) ng United Nations. Direktang sinusupoortahan ng pananaliksik ang *SDG 4-Quality Education*, sa pagtiyak na tumpak at inklusibo ang mga sangguniang ginagamit sa edukasyon sa pamamagitan ng pagpapabuti ng mga kagamitang pangwika (Durkin, 2016). Umaayon din ang preserbasyon ng wikang Cebuano sa *SDG 11-Sustainable Cities and Communities* sa aspeto ng pagpapanatili ng pamanang pangwika at kultural. Gayundin, mahalaga rin ang papel ng mga diksyunaryo sa *SDG 16-Peace, Justice, and Strong Institutions*, dahil ang malinaw na depinisyon ng mga salita ang pundasyon ng katarungan at epektibong komunikasyon sa mga institusyon (Tamil Nadu Open University, 2017). Bukod dito, mahalaga rin ang pananaliksik na ito sa *SDG 17-Partnerships for the Goals*, kung saan ang pananaliksik na ito ay magsisilbing tulay sa pagbubuklod ng akademikong diskurso at praktikal na aplikasyon ng linggwistika para sa kaunlaran ng lipunan.

Maliban sa mga nabanggit na kahalagahan ng pag-aaral na ito sa 17 Sustenableng pag-unlad ng UN, magsisilbing ambag rin ang kasalukuyang pag-aaral sa larangan ng metaleksikograpiya. Batay sa isinagawang pagsaliksik, wala pang naisasagawang metaleksikograpikong pagsusuri sa mga diksyunaryong Cebuano. Ayon pa kay Lee (2010), kakaunti lamang ang nagsasagawa ng mga ganitong pag-aaral. Ibig sabihin, hindi masyadong binibigyang pansin ang larangan ng leksikograpiya sa mga pananaliksik pangwika. Kung gayon, magiging kauna-unahan ang pag-aaral na ito sa pagkilatis at pagsuri ng isa sa mga tanyag na diksyunaryong Cebuano tungo sa ikahuhusay pa ng mga kontemporaryong diksyunaryong isasagawa sa hinaharap. Ayon pa kay Wolff (1972) sa kanyang paunang salita sa diksyunaryo, bukas ito sa mga suhestyon at komento para sa ikabubuti nito. Samakatuwid, ito ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng paggawa nito ng pagsusuri, na siyang pangunahing layunin ng pag-aaral.

Samantala, saklaw lamang ng pag-aaral na ito ang pagsusuri sa *A Dictionary of Cebuano Visayan* ni Wolff sa anyong *e-dictionary* nito, sa halip na ang tradisyonal na limbag na bersyon. Bunsod ng pagpili sa *digital* na pormat dahil sa katotohanang ito ang pinakabagong bersyon ng diksyunaryo na mas madaling ma-akses ng mga iskolar at mag-aaral sa kasalukuyang panahon. Bukod dito, nagbibigay-daan ang paggamit ng *e-dictionary* sa mas malalim na pagsusuri ng mga elektronikong tampok gaya ng *hypertextual links* at bilis ng paghahanap, na mga elementong binibigyang-diin sa makabagong leksikograpiya (Jackson, 2002). Dagdag dito, limitado lamang ang akses sa mga pisikal na kopya ng inilimbag na bersyon at magiging mas lapat ang analisis sa digital na transpormasyon ng mga kagamitang pangwika sa ika-21 siglo sa pamamagitan ng pagpokus sa elektronikong bersyon. Mula rito, pangunahing layunin ng pag-aaral na mailarawan at masuri ang '*A Dictionary of Cebuano Visayan*' ni John U. Wolff batay sa *microstructure* na aspeto nito. Ginawang gabay at batayan ang pamantayang *Basic Elements of the Dictionaries* ni Landau (2001) at ang *Desiderata for a Bilingual Dictionaries* ni Haas (nasa Landau 2001).

#### *'A Dictionary of Cebuano Visayan' ni John U. Wolff, 1972*

Isa sa mga itinuturing na komprehensibong diksyunaryong naisagawa noong 1970 ay ang *A Dictionary of Cebuano Visayan* ni John U. Wolff. Layunin nitong makapagbigay ng komprehensibong gabay sa mga nais matuto ng wikang Cebuano Visayan. Inilathala ito sa pamamagitan ng kolaborasyon ng Linguistic Society of the Philippines (LSP), Manila noong 1972 at Cornell University kung saan nagtuturo si Wolff. Ang diksyunaryong ito ay binubuo ng 1164 na pahina na may dobleng kolum (Bernad, 1972). Tuon ng diksyunaryong ito ang wikang Cebuano na sinasalita sa sentral na bahagi ng Visayas partikular na sa Cebu. Ayon sa panimulang bahagi ng diksyunaryo, ito ay isinagawa upang mabigyang linaw at maipaliwanag ang mga salitang matatagpuan sa wikang Cebuano sa halip na direktang salin lamang. Bagaman nagmumukhang bilinggwal ang dating ng diksyunaryo dahil ito ay nasa Cebuano-Ingles, malinaw ang tunguhin ni Wolff na mabigyang depinisyon at ilustratibong mga halimbawa ang mga salita. Mula rito, nasa tinatayang 25,000 ang *entry-word* ang nilalaman ng diksyunaryo na magiging kapaki-pakinabang sa mga tagapagsalita at nais matuto ng wikang Cebuano.

Tulad ng nabanggit sa unahan, nabuo ang diksyunaryong ito bilang bahagi ng proyektong isinasagawa ng Linguistic Society of the Philippines (LSP) at Cornell University. Ang mga korpus na ginamit dito ay mula sa kanyang isinagawang pagdodokumento at pananaliksik hinggil sa kanyang ginawang gramar na pinamagatang, *Beginning, Cebuano* noong 1966. Ito ay isang functional na pag-aaral sa gramar ng Cebuano na binubuo ng dalawang volyum. Saklaw ng pag-aaral na ito ang ponolohiya, morpolohiya at sintaks ng nasabing wika. Maliban sa paglalarawan ng gramatikal na istruktura, naglatag rin si Wolff ng mga *exercises* at pagsusulat sa bawat pagtatapos ng seksyon ng talakayan upang mas matutunan ang aktwal na paggamit ng mga salita at sentens sa Cebuano. Sa madaling salita, ipinapasok dito ang mala-modyul na paraan ng pagsulat ng gramar at bawat pagkatapos ng isang talakayan ay may nakahandang ebalwasyon. Ayon kay Wolff, ang ganitong paraan niya ng pagsulat ng gramar ay para sa mga misyonaryo, *diplomats*, at mga mag-aaral na nais matuto o pag-aralan ang wikang Cebuano.

Gayunpaman, si John Wolff ay isang *Professor Emeritus* ng *Linguistics at Asian Studies* ng Cornell University. Ang kanyang espesyalisasyon ay linggwistikong pag-aaral sa mga wikang Austronesyo at *Southeast Asian Languages*. Siya ay nakilala sa kanyang kahusayan sa historikal na linggwistika at leksikograpiya. Kabilang sa kanyang kilalang mga gawa ang pagsulat ng Cebuano Visayan Dictionary na nailathala noong 1972 na nasa tinatayang 50,000 *entries*. Matapos mailathala ang diksyunaryong ito, itinuring ito bilang pundasyon sa pag-aaral ng *Visayan language studies* at kontribusyon sa preserbasyon ng mga nanganganib na wika. Ilan sa kanyang akda at pananaliksik ay nakatuon sa leksikograpiya, etimolohikal na pananaliksik at *Philippine Linguistics*. Kagaya ng nabanggit, ang diksyunaryong susuriin sa pag-aaral na ito ay bilang karugtong ng kanyang isinagawang pananaliksik hinggil sa gramar ng Cebuano. Kung kaya't, lumilitaw sa kanyang mga korpus ang pagpasok ng linggwistika. Dagdag pa, isa sa mga pamamaraan ng pangongolekta ng datos ay mula sa aktwal na wikang sinasalita ng mga ispiker mula sa mga audio-recorded na mga pag-uusap kaya makikita sa mga halimbawa ng diksyunaryo ang mga ilustratibong pangungusap mula sa aktwal na kombersasyon ng mga *informant*. Maliban dito, kinolekta rin ang kanyang datos mula sa mga nakasulat na teksto at pamahayagang Cebuano.

Samantala, binigyang-diin sa pag-aaral ni Cabazares (2016) na may malaking faktor sa pagsasagawa ng diksyunaryo ang bakgawnd ng awtor. Halimbawa, kung siya ay isang linggwista, malaking impluwensiya ang teoryang kanyang sinusunod sa linggwistika. Sa gramar ng Cebuano na isinulat ni Wolff, makikita na ang kanyang sinusunod ay isang fanksyonal na dulog ng gramar kung kaya't lumilitaw ito sa kung paano niya inilalahad ang kanyang pagbibigay ng depinisyon at halimbawa na mga sentens sa bawat entry na nakapaloob sa diksyunaryo.

Sa kabuuan, bagaman limitado lamang ang kopya ng publikasyon ng diksyunaryong ito, naging bukas naman ang akses nito sa Project Gutenberg at ginawang dihitalisado ang nasabing kopya noong 2012. Ang website na ito ay isa sa mag establisadong onlayn na library na may mahigit 75,000 na libreng akses ng eBook. Mula nang ito'y naestablisa noong 1924, naging imbakan ito ng iba't ibang aklat kabilang na ang wika at literatura upang mas maging bukas ito sa publikong domeyn ngunit nakaayon pa rin sa pagmamay-ari o *copyright* ng orihinal na awtor. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang *website* bilang pangunahing pinagkukunan o sors ng susuriing diksyunaryo dulot ng limitadong panahon sa paghahanap ng aktwal na kopya nito. Bagaman hindi ito nakaayon sa aktwal na pormat ng diksyunaryo, na siyang isa sa naging limitasyon ng pag-aaral, pagtutuunan lamang ng pansin ng mga mananaliksik ang nilalaman ng nasa onlayn na kopya, at iba pang elementong nakapaloob dito batay sa gabay sa pagsusuring inilatag ng mga mananaliksik sa bahagi ng metodolohiya.

Sa kasalukuyan, wala pang naisagawang rebisyon hinggil sa diksyunaryong ito kaya't nakitaan ito ng kahalagahan o panawagan sa pagsasagawa ng panibagong diksyunaryong Cebuano upang makasabay sa linggwistikong pangangailangan ng mga nais matuto ng wika. Maliban dito, wala pa ring naisasagawang metaleksikograpik na pag-aaral o analysis hinggil sa diksyunaryong tuon ng pag-aaral na ito. Bunga nito, magiging mahalagang ambag ang kasalukuyang pag-aaral na maaaring makatulong sa nais magsagawa ng panibagong diksyunaryong Cebuano na aangkop sa kontemporaryong panahon. Dagdag pa rito, isa rin sa pagtutuunan ng pansin ng pagsusuri ang linggwistikong aspeto ng diksyunaryo. Tulad pa ng nabanggit ni Lee (2010) sa kanyang pag-aaral, mahalaga sa anumang gawaing leksikograpikal ang pagpasok ng linggwistikong aspeto o kaalaman sa gramar ng wika upang mas maging mabigat ang nilalaman nito.

## Metodolohiya

Naglalaman ang bahaging ito ng disenyo ng pag-aaral, dulog sa pangangalap ng datos, at ang dulog sa pagsusuri ng datos tungo sa mas sistematikong pagsasagawa sa pag-aaral na ito.

### *Disenyo ng Pag-aaral*

Gumamit ng kwalitatib-deskriptib ang pag-aaral na ito na nakatuon sa *microstructure* na pagsusuri sa kabuoang nilalaman ng diksyunaryo, partikular ang *'A Dictionary of Cebuano Visayan'* ni John U. Wolff. Mula sa diksyunaryong ito, komprehensibong dadalumat in ang paglalarawan sa beysik na elemento ng bawat entri na makikita sa diksyunaryo.

### *Dulog sa Pangangalap ng Datos*

Bilang paraan sa pangangalap ng datos, gumamit ang mga mananaliksik ng *purposive sampling* bilang batayan sa pagpili ng diksyunaryong susuriin. Ayon kay Creswell (2014), ginagamit ang *purposive sampling* sa pagpili ng mga kalahok o pinagkukunan ng datos na may kakayahang magbigay ng mayamang impormasyon na tuwirang makatutugon sa layunin at suliranin ng pag-aaral. Sa ganitong dulog, pinipili ang datos batay sa kanilang kabuluhan, kalidad, at kaugnayan sa pananaliksik.

Dahil ang pag-aaral na ito ay isang *archival* na pananaliksik, itinuturing ang diksyunaryong '*A Dictionary of Cebuano Visayan*' ni John U. Wolff bilang pangunahing batis o kalahok na kukuhanan ng datos. Ang nasabing diksyunaryo ay sinuri bilang isang tekstuwal na artefak na naglalaman ng mahahalagang leksikal na yunit at estruktura na angkop para sa metaleksikograpikong analisis. Upang maging sistematiko ang pagpili ng datos, nagtakda ang mga mananaliksik ng mga pamantayan o krayterya, kabilang ang (1) pagiging napapanahon o patuloy na ginagamit sa larangan ng linggwistika, (2) pagiging isang nalimbag at kinikilalang sangguniang akademiko, (3) pagkakaroon ng *open access* na bersyon na nagpapahintulot sa beripikasyon ng datos, (4) pagkakaroon ng linggwistikong kapasidad ng mga mananaliksik sa wika ng diksyunaryong pag-aaral, at (5) ang kredibilidad ng may-akda bilang isang kinikilalang dalubhasa sa larangan.

### *Dulog sa Pagsusuri ng Datos*

Isinagawa ang pagsusuri ng datos gamit ang paraang palarawan o deskriptibo, kung saan inilarawan at sinuri ang mga katangian, estruktura, at nilalaman ng diksyunaryong pinag-aaralan batay sa mga itinakdang pamantayan. Ayon kina Loeb et al. (2017), ang deskriptibong pagsusuri ay maaaring tumayo bilang isang ganap na produktong pananaliksik, lalo na kung natutukoy nito ang mahahalagang penomenong panlipunan na hindi pa naiulat o napapansin sa mga naunang pag-aaral. Sa ganitong dulog, binibigyang-diin ang masusing paglalarawan at interpretasyon ng mga elementong matatagpuan sa diksyunaryo upang makabuo ng makabuluhang pagsusuri.

Dahil ang pag-aaral na ito ay nakatuon partikular sa *microstructure* na bahagi ng diksyunaryo, hinati sa dalawang pangunahing seksyon ang pagsusuri ng mga nakalap na datos. (1) ang *Basic Elements of the Dictionaries* ni Landau (2001) na ginamit sa pag-aaral ni Lee (2010) at (2) ang *Desiderata for a Bilingual Dictionaries* ni Mary R. Haas na binanggit sa libro ni Landau (2001) na '*The Art & Craft of Lexicography*'.

Sa unang bahagi, tinutukan ang *Basic Elements of the Dictionaries* kung saan sinuri ang mga sumusunod na sangkap: *entry-term, alphabetization, entry-counting, grammatical information, pronunciation, etymology, synonyms, illustrations, at front and back matters*. Layunin ng bahaging ito na mailarawan ang estruktura at organisasyon ng diksyunaryo bilang isang leksikograpikong akda.

Dahil ang diksyunaryong sinuri ay isang bilinggwal na diksyunaryo, sumailalim din ang analisis ng mga datos batay sa *Desiderata for a Bilingual Dictionaries* kung saan inilatag ni Haas na binanggit sa libro ni Landau (2001) na '*The Art & Craft of Lexicography*' ang partikular na prinsipyo, na dapat:

1. *It provides a translation for each word in the source language*
2. *Its coverage of the source language lexicon is complete*
3. *Grammatical, syntactic, and semantic information is provided*
4. *Usage guidance is given*
5. *Names are included*
6. *It includes special vocabulary items, such as scientific terms*
7. *Spelling aids and alternative spellings are indicated*
8. *Pronunciation is included*
9. *It is compact in size-which obviously limits its coverage of items 1-8.*

Sa kabuuan, ang dalawang bahaging ito ng pagsusuri ay naglalayong magbigay ng masusing pag-unawa sa *microstructure* at nilalaman ng diksyunaryo bilang isang metaleksikograpikong teksto.

## **Resulta at Talakayan**

Hinati sa dalawang pangunahing bahagi ang resulta at diskusyon ng mga datos: una, ang *Landau's Elements of the Dictionary* at ikalawa, ang *Haas's Desiderata for a Bilingual Dictionary*.

### 3.1. Landau's Elements of the Dictionary

Ayon kay Landau (2001), na ginamit ding batayan sa pag-aaral ni Lee (2010), mayroong tinatawag na *Basic Elements of the Dictionary* bilang pangunahing balangkas sa pagsusuri ng *microstructure* ng isang diksyunaryo. Binubuo ito ng mga sumusunod na sangkap: *entry-term, alphabetization, entry-counting, grammatical information, pronunciation, etymology, synonyms, illustrations, at front and back matters.*

Sa pag-aaral na ito, sinuri ng mga mananaliksik ang mga elementong ito at natukoy ang mga kalakasan at kahinaan ng bawat isa batay sa *A Dictionary of Cebuano Visayan* ni John U. Wolff, na nagsilbing pangunahing sanggunian sa pagsusuri.

#### 3.1.1. Entry Counting & Entry-term

Batay sa inilalahad ng awtor sa paunang salita, ang diksyunaryo ay binubuo ng 25,000 na mga entries sa wikang Cebuano. Ipinaliwanag ni Wolff na ang bilang na ito ay purong rut word lamang at hindi kasama ang mga rut na may afiks o dumaraan sa proseso ng nominalisasyon at derivesyon. Kung kaya, makikita sa presentasyon sa diksyunaryo na ang entry ay isang rut at ang mga varyasyon ng mga salitang may afiks ay ipinapaloob o isinasama sa depinisyon o halimbawa.

**ab-ab** v [A; a] **1** chew to pieces. *Ab-ábun sa irù ang íyang hikut*, The dog will chew up his rope. **2** eat away, erode. *Ang pagluib ni Mariya nag-ab-ab sa íyang balatian*, Maria's infidelity ate away at his insides. *Giab-ab ang íyang pinúti sa tayà*, His sword was eaten away by rust. **3** fester. *Ang nag-ab-ab kung níka*, My festering wound.†

Halimbawa sa entry-word na **ab-ab** sa itaas, ito ay isang rut word at ang mga nominalisasyon tulad ng **ab-abun, nag-ab-ab**, at **gi-ab-ab** na nagtataglay ng mga verbal afiks ay ipinaloob na lamang sa iba't ibang halimbawa o ilustrasyon at hindi magkaibang entry. Gayunpaman, bagaman malinaw na binanggit na ang lahat ng entry ay rut, mapapansin na may ibang mga baryasyon ng salita ang ipinasok bilang entry at hindi nilagyan ng sariling ilustrasyon o depinisyon. Ang mga entry na dumaraan sa nominalisasyon ay direktang ipinapasok sa mga illustrative sentences – hindi nakabold. Ngunit kung dumaan ito sa proseso ng derivesyon, nahahaylayt ito sa pamamagitan ng pagbold ng derived term at sinusundan ng leksikal kategori kung saan ito kabilang, pagkatapos ang depinisyon nito.

Isa ito sa mga kahinaang nakita ng mananaliksik sa mga entry ay ang mga varyasyon ng salita kung saan maaari namang ipasok sa orihinal na form nito at lagyan lamang ng label kung ito ay isang varayti ng isang salita tulad ng makikitang halimbawa sa ibaba.

**malignù** = [karbalyas](#).

**malimmu** = [karbalyas](#).

**malingka** see [himalingka](#).

Mapapansin na ang mga salitang varayti ay inilalagay bilang entry ngunit nilalagyan lamang ng simbolong (=) na nangangahulugang '*katumbas sa*', at inilalagay bilang hyperlink ang isa pang form ng salita. Isa ito sa naging kahinaan ng diksyunaryo dahil sa pagkuha ng espasyo sa diksyunaryo na maaari pang lagyan ng iba pang entry. Bilang suhestyon sa pagsusuri, ang mga barayti ng salita na nilalagyan ng '=' at '*see*' ay maaaring ilagay bilang *run-on entry* upang makatipid sa espasyo.

Maliban sa entry, mayroon din karagdagang mahigit na 700 na addendum ang diksyunaryo. Ito ay karaniwang dinaragdag bilang supplement o paglilinao ng mga entry ng mga nakaraang naisagawang diksyunaryo. Tulad ng regular na entry, nakaayos rin ito sa paraang alpabeto upang mas maging malinaw ang pagkakasunod-sunod nito.

#### 3.1.2. Alphabetization

Ayon kay Landau (2001), mas mainam na gamitin ang sistemang **letter-by-letter** sa alpabetisasyon dahil hindi nito binibigyang-pansin ang mga puwang (spaces) o gitling sa pagitan ng mga salita. Ang metodong ito ay nakatutulong sa mga mambabasa na mahanap nang mabilis ang mga terminong may pabago-bagong baybay, gaya ng mga salitang maaaring isulat nang hiwalay, magkadikit, o may gitling. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ng mas konsistent at lohikal na pagkakasunod-sunod ang mga entry sa loob ng isang diksyunaryo.

Sa diksyunaryo ni Wolff, ang mga entry ay nakaayos sa sistemang letter-by-letter.

**balat** *n* 1 sea cucumber. 2 one considered not to count for anything. *Ngánung wà man ku nímu bahíni? Unsa ku, balat lang?* Why didn't you give me any? Don't I count for anything? — **hanginan** *k.o.* sea cucumber that shrinks up when taken out of the water so much that it seems to disappear. — **úwak** *n k.o.* black sea cucumber edible when dried.

**balat-ang** *n* the hips and pelvic region. *v* [a4] have pains in the pelvic region. *Balat-angun siya ug magrigla.* She has pains in the pelvic region when she menstruates. -**un** *a* having prominent hips.

**balátik**<sub>1</sub> *n* trap consisting of a trip rope which releases a spear. *v* 1 [A; ab2] catch with, set a *balátik*. *Hingbalatikan ang iri.* The dog got speared in the trap. 2 [A; b6] set a *balátik*. *Balatikan náku ag maisan,* I will put a trap in the cornfield. 3 [a12] make a *balátik*.

**balátik**<sub>2</sub> *n* name of a constellation having three stars in a row.

Kahit may gitling ang *balat-ang*, itinuturing ito ni Wolff na parang isang mahabang salita lamang upang hindi malito ang mambabasa kung saan ito hahanapin sa alpabeto.

### 3.1.3. Grammatical Information

Bawat *entry* sa diksyunaryong '*A Dictionary of Cebuano Visayan*' ni John U. Wolff ay nagtataglay ng impormasyong panggramatika na isa sa pinakamahalagang sangkap o elemento sa pagbuo ng isang diksyunaryo. Sa diksyunaryong ito, natuklasan ng mga mananaliksik ang ilan sa mga kalakasan at kahinaan ng mga *grammatical information* na kapansin-pansin sa bawat *entry* ng diksyunaryo.

Kung pag-uusapan ang kalakasan ng diksyunaryo, hindi mapagkakaila na isang linggwista at may malalim na kaalaman sa leksikograpiya ang gumawa nito. Mapapansin ang praktikal na aplikasyon ng teoretikal na linggwistika mula sa pagbuo ng isang *entry* hanggang sa ilustrasyon at gamit nito sa mundo. Bilang partikular, napansin din ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

Ang leksikal kategori ay tumutukoy sa sintaktik na klasipikasyon ng mga salita batay sa kanilang estruktura, morfolohikal at fanksyonal na beheyvyor sa isang wika (Anderson, 2022.), tinatawag din ito bilang *Parts of Speech* o Bahagi ng Pananalita. Sa diksyunaryo ni Wolff, makikita ang mga *entry* na may *major lexical categories* katulad ng nawn (*n*), verb (*v*) at minor lexical categories katulad ng partikel.

**hambag** *n* handbag, satchel carried in by hand or slung over the shoulder. *v* 1 [A; c] use a handbag or satchel. *Naghambag siyang nagdala sa mga libru.* He carried his books in a satchel. 2 [A; a12] make into a satchel. **gwápu** *a* 1 handsome, good-looking. *Gwápu siya, baklá lang.* He is handsome, only he's a fairy. 2 beautiful, nice to look at (of things in general). *Gwápu ang talan-áwun dinbi.* The scenery here is beautiful. 3 of

**hinas** *v* [A3P; c1] clear an area by burning. *Mubinas (magbinas) ku sa baul ug muíni,* I'll burn the plants I cut down when it gets sunny. *Nabinas ang mga balay sa iskwátir,* The slum area was levelled by the fire.

**abaa** particle indicating disapproval (literary). *Abaa! Mahúg ka gáni dibà!* Stop that! You might fall!

Ang mga panuring katulad ng adjektib at adverb ay hindi hiwalay na kinlasipika gamit ang karaniwang mga simbolo tulad ng *adjective (adj)* o *adverb (adv)* na makikita sa ibang mga diksyunaryo. Sa halip, sa '*A Dictionary of Cebuano Visayan*' ni John U. Wolff, ang mga ito ay minamarkahan sa ilalim ng iisang simbolong (*a*), na tumutukoy sa tinatawag na *class a conjugation*. Ipinapakita nito na ang pagbibigay-diin ay hindi sa tradisyunal na leksikal kategori, kundi sa morfolohikal na pag-uugali o kakayahan ng salita sa loob ng sistema ng wika.

**gwápa** *a* = **GWÁPU** (said of women).  
**gwápíta** = **GWÁPITU** (female).  
**gwápítu** *a* cute and good-looking little lad.  
**gwápu** *a* 1 handsome, good-looking. *Gwápu siya, baklá lang.* He is handsome, only he's a fairy. 2 beautiful, nice to look at (of things in general). *Gwápu ang talan-áwun dinbi.* The scenery here is beautiful. 3 of

**dásig** *a* lively, full of action. *Dásig pamatiún ang mga kanta sa Bituls,* The Beatles' songs are lively to hear. *Dásig kaáyu siyang man-libuk,* She is lively in her movements. *v* [A

Batay sa mga entry sa itaas, ang salitang 'gwapá' (maganda) na may apat na *conjugations* ay minamarkahan ng (a) at hindi ang leksikal kategori nito bilang adjektiv, gayundin sa 'dasig' (mabilis) na isang *adverb* ngunit minamarkahan bilang *class a conjugation*.

Mapapansin ding may mga *entry* na walang leksikal kategori. Halos sa entring ito ay naiklasipika bilang *conjunctions* o mga salita na nag-uugnay sa dalawang salita, freys at klaws katulad ng mga entring 'hangtud' (hanggang) at 'kay' (dahil) na isinalin lamang sa Ingles bilang wikang pinagsasalinan.

**hangtud** until, up to a point in space or time. *Hangtud sa pusti mga bayinti mitrus*, It is about twenty meters up to the post. *Mutrabáhu ku hangtud sa alas dus*, I will work up to two o'clock. *Gitursi ku iyang kamut hangtud nga mibílak siya*, I twisted his arm until he cried.

**kay 1** because, for the reason that. *Undang na ta kay gikápuy man ku*, Let's quit because I'm tired. *Kay magminyù ka man gi-*

Maliban sa mga *conjunction*, natuklasan ding may mga hiram na *compounding words* na walang tiyak na leksikal na katagorya. Katulad ng entring '*abansi miting di*' kung saan, hindi ito madaling maiklasipika bilang nawn, verb, o panuring, sapagkat ito ay hiram at ginagamit bilang isang buo sa diskurso. Ipinapakita nito na may mga yunit sa wika na lumalampas sa tradisyunal na pag-uuri ng mga bahagi ng pananalita. Maliban dito, isa ito sa kahinaang nakita sa entry dahil ito ay hiniram sa kastila bilang '*miting de avance*', at mapapansin ang malaking pagkakaiba sa pagkakasunod-sunod ng mga salita mula sa orihinal. Karaniwang paraan ng panghihiram sa ibang wika ay dumaraan lamang sa naturalisasyon sa Cebuano ang ispelang ngunit hindi nababago ang istraktura. Kung kaya, maaaring isa itong tipolohikal na pagkakamali sa paglalagay ng entry.

**\*abansi miting di – grand rally immediately prior to an election.**

Ayon naman kay Atkins at Rundell (2008) sa kanilang libro na "*The Oxford Guide to Practical Lexicography*," ang etimolohiya ay isang mahalagang sangkap sa pagbuo ng diksyunaryo, lalo na sa mga historikal at iskolarling diksyunaryo. Karaniwan din itong matatagpuan sa mga standard na monolingguwal na diksyunaryo at maging sa ilang *bilingual at learners' dictionaries*. Gayunpaman, sa diksyunaryo ito, kapansin-pansin ang kawalan ng etimolohiya sa mga entry, na nagpapakita ng limitasyon sa pagbibigay ng historikal na pinagmulan at pag-unlad ng mga salita.

**diskási** *v* [AC; b5c3] engage in a discussion about a particular topic. *Gidiskási ku siya bábin sa rilibiyun*, I discussed religion with him.

**\*gwarda** – kusta coast guard or member thereof. *v* [B56; a2] be, make s.o. a member of the coast guard. – *munti n* forest ranger. *v* [B56; a2] be a forest ranger.

Makikita sa mga entry sa itaas na walang kalakip na etimolohiya ang mga ito. Kung papansin din, ang mga salita '*diskási*' at '*gwada*' ay mga hiram na salita at nararapat na mailagay kung saan nagmula ang mga salitang ito upang lubusang maunawaan ng gumagamit sa diksyunaryo ang kalikasan at gamit nito.

### 3.1.4. Pronunciation/ Etymology

Ilan pa sa mga beysik na elementong dapat taglayin ng isang diksyunaryo ay ang paraan ng bigkas o pronunciation at paglalagay ng etimolohiya. Sa paraan ng pagbigkas, ipinaliwanag ni Wolff na ito ay direktang makikita sa entry-term. Ngunit mapapansin na ang binigyang-diin lamang dito ay ang mga entry na nagtataglay ng pagpapahaba ng vowel kung saan ipinapakita sa pamamagitan ng simbolong ('). Nilagyan ng simbolo ang mga entry na may pagpapahaba ng vowel habang ang ibang entry ay ispelang lamang ang makikita. Samakatuwid, masasabing hindi masyadong binigyang tuon rito ang linggwistik na transkripsyon ng mga salita upang malaman ang paraan ng pagbigkas nito. Bagaman binanggit ni Wolff sa paunang salita na ang diksyunaryong ito ay para sa mga ispiker ng Cebuano, mas makatutulong pa rin kung lalagyan ng paraan ng pagbigkas.

**bangúngut** *n* a nightmare which is said to frighten its victim to death. *v* [a4] have an attack of *bangúngut*.  
**bangus** *n* milkfish: *Cbanos cbanos*.

Bunga nito, mas ikakahusay ng diksyunaryo kung maipasok ang distingsyon ng silabol gayundin ang paglagay ng tamang diin ng bawat salita upang makatulong sa mga mambabasang hindi Cebuano. Mahalaga ang pagdaragdag ng paraan ng pagbigkas dahil tulad ng pagkatuto ng anumang wika, hindi ito magiging pamilyar sa mga hindi tagapagsalita ng wikang Cebuano.

Para naman sa paglalagay ng etimolohiya ng diksyunaryo, may mga entry sa diksyunaryo na hiram na mga salita mula sa kastila at Ingles, at binaybay lamang sa Cebuano tulad ng mga halimbawang makikita sa susunod na pahina. Sa ganitong

kasong nararapat lamang na lagyan ng etimolohiya gayundin kung saang wika ito hiniram upang maging malinaw na hindi lahat ng mga terminong nakapaloob sa diksyunaryo ay taal sa Cebuano.

**abandunar** *v* [A3P; c1] abandon, neglect. *Nag-abandunar na lang siya sa iyang kaugalingun sukad mamatay ang iyang asawa.* He neglected himself entirely after his wife died. *Ayaw abandunaba (iabandunar) ang imung pamilya.* Do not abandon your family. **abandunadu** *a* 1 abandoned. 2 neglectful. *v* = **ABANDUNAR**.

**abilidad** *n* ability, capacity or skill to accomplish s.t. *v* [A12] obtain a certain ability. **abilidaran** *a* skilled, able. *Abilidaran na si Tunyu.* *Bansayng mutinis,* Tony has talent. He plays tennis well.

**bandmidyurit** *n* band majorette. *v* [B; a12] become a band majorette.

**bampir** *n* bumper of a motor vehicle. *v* [A] make into, put a bumper.

Ang mga entry tulad ng **abandunar** at **abilidad** ay mula sa wikang kastila. Habang ang mga salitang **bandmidyurit** at **bampir** ay mula sa wikang Ingles at binaybay lamang sa Cebuano.

### 3.1.5. Synonyms

Nabanggit ni Landau (2001) na hindi sapat na ilista lang ang mga salitang magkasingkahulugan; ang mahalagang papel ng diksyunaryo ay ang *discrimination* o ang pagpapakita ng maliit na pagkakaiba sa pagitan ng mga salitang akala natin ay pareho. Naglatag si Zgusta (1971) ng mga krayterya upang maging batayan sa pagtiyak sa *absolute synonyms* ng isang salita na nahahati sa tatlo. *Designatum*, ang mismong bagay o ideyang tinutukoy, *Connotation*, ang damdamin na dala ng salita, at *Range of Application*, kung saan at kailan ginagamit ang salita. Dahil sa higpit ng mga kraytirang ito, binigyang-diin din ni Zgusta na ang mga *absolute synonyms* ay napakabihira (o halos hindi umiiral) sa mga pangkalahatang wika, dahil madalas ay may kahit kaunting pagkakaiba pa rin sa emosyon o paraan ng paggamit ng dalawang salita.

Sa diksyunaryo ni Wolf, hindi ginagamit ang salitang *synonym*. Sa halip, makikita kadalasan ang *k.o.* (*kind of*) upang ipakita ang mga *near-synonyms* o mga espesipikong uri sa ilalim ng isang kategorya. Katulad na lamang ng sa salitang *balat-an* at *hanlulukay* na nilagyan ng *k.o.* upang ipahayag na katulad sila ng mga uri na nabanggit.

**balat -an**(→) *n* **k.o.** sea cucumber that shrinks greatly when taken out of the water. **ka-an** *n* atmosphere, air space. **pwirsa sa ka-an** *n* Air Force. **-un a**  
**hanlulukay** *n* a **k.o.** harmless garden snake, light yellow-green in color, about a meter long and around 1¼ cm. in diameter. It resembles a coconut palm leaflet (*lukay*).

Makikita rin ang *cf.* na ang ibig sabihin ay *confer o* sumangguni, ginamit ito ni Wolf para sa cross-referencing o paghahambing sa mga salitang may kaugnay na kahulugan o morpolohiya.

**naknak** *v* 1 [AC; c1] knock s.t. lightly against s.t. else. *Kinsay nakanaknak niining basu nga nabalanan man?* Who knocked this glass against s.t. to make it crack? 2 [B] for fish to be plentiful and spread over a wide area (so called because the fish are attracted by a banging sound—*Cf.* **DAGUKDUK**). *Nagnaknak ang mga tugus karun maung daghang nanlampara.* There's millions of anchovy fry around, so everybody is out catching them. a for a school of fish to be so plentiful they are easy to catch.

**dagukduk**<sub>1</sub> (from *dukduk*) *n* hammering, knocking sound. *v* [B4] make hammering, knocking sound. *Ug mudagukduk ang makina náy dipiku,* There's s.t. wrong with the machine if it knocks. 2 [b(1)] go fishing in shallow waters with a hook and line at night using a *tingkarul* lamp (so called because the fish are attracted by knocking the side of the boat with the paddle). **paN-** *v* [A2] go hook and line fishing in shallow waters using a *tingkarul* lamp. **-an** *n* the lamp used in this *k.o.* fishing (= **TINGKARUL**).

Makikita sa salitang *naknak* na kasali sa depinisyon ng entry ang *cf.* kung saan iniugnay ito sa salitang *dagukduk* na ang ibig sabihin ay tunog ng *pagmamartilyo* at *pagkatok*.

Sa kabuuan, inilahad ang synonyms sa diksyunaryo ni Wolf sa pamamagitan ng pag-uuri (categories), pagbibigay ng mga uri (kind of), at pagpapakita ng teknikal na pagkakaiba ng bawat salita sa pamamagitan ng halimbawang pangungusap.

### 3.1.6. Illustrations

Sa gawaing leksikograpikong pagsusuri, mahalaga na masuri sa beysik na elemento ng diksyunaryo ang illustration. Ayon kay Landau (2001), isang kritikal na sangkap na nagsisilbing "*shortcut to meaning explanation*," lalo na para sa mga kongkretong bagay na mahirap ilarawan gamit lamang ang salita. Binigyang linaw rin ni Lee (2010) na ang *Illustration* ay

hindi lamang biswal na larawan kundi maaari ring anyong morpolohikal, kung saan ang mga anyong *inflected* o *derived* ay sinusundan ng salitang-ugat na inilalagay sa loob ng *bracket*. Sa kaso naman ng magkakasunod na *derivations* na may iisang rut, tanging ang unang anyo lamang ang nilalagyan ng ganitong indikasyon. Narito ang natuklasan ng mga mananaliksik sa diksyunaryo ni Wolff.

Natuklasan na sa wikang Cebuano-Visayan, mayaman din ito sa mga *conjugation* katulad ng ibang wika sa Pilipinas. Mula rito, upang mailarawan ang kaibahan ng mga *conjugation*, gumamit si Wolff ng mga simbolo na kanyang inilagay sa *bracket* upang magkaroon ng paglalarawan sa mga ito.

**banggus** *v* 1 [A; c1] rub s.t. against a rough surface, but not with great pressure. *Magbanggus ku sa kapáyas nga salárun*, I'll shred the papayas to make into a salad. *Nabanggus ang ákung túbud sa ákung pagkadagmá*, My knee got chafed when I stumbled. 2 [A; b6(1)] scrub to clean. *Ákung gibanggusan ug lugud ang buling sa iyang likud*, I scrubbed the dirt off his back with a stone.

**hikdat** *v* [B; c1] for eyebrows to arch. *Muhikdat ang kilay niya basta masukú siya*, Her eyebrows become arched when she is angry. *a* eyebrows that are arched.

**dúhig** *v* [A; c] apply liquid or viscous substances to a surface. *Dubíggig lána ang atang*, Rub the forehead with coconut oil. 2 [A; a3] smear one's reputation. *Nadúbigg ku sa kaúlau sa imung gibúbat*, I am besmirched with shame for what you have done. (→) *n* 1 s.t. applied. 2 applicator.

**kípit** *v* [A12; b6] hold or take hold of s.t. between two fingers or with two sticks, tongs or the like. *Ikipit ning duba ka lápís sa singkwinta nga náa sa lungag*, Pick out the half-dollar in the hole with these two pencils.

Sa mga *entry* na nasa itaas, makikita na ang mga verb ay may mga *tag* na binubuo ng malalaking titik at *numerals*. Ayon kay Wolff, dahil sa mayamang sistema ng *derivational* at *inflectional affixes* sa Cebuano, nagkakaroon ng napakaraming anyong *lexemes* na maaaring mabuo mula sa isang rut. Dahil dito, ang klasipikasyon ng verb ay hinati sa dalawang bahagi: ang aktib at pasib. Ang mga aktib na anyo ay tinutukoy gamit ang malalaking titik (A, B, C) na may kasamang numerals para sa mga *sub-class* samantalang ang mga pasib na anyo ay minamarkahan ng maliliit na titik (a, b, c) na sinusundan din ng *numerals*. Halimbawa, ang palit (bili) na kabilang sa klaseng A; a ay gumagamit ng mga panlaping aktibo at pasibo na itinakda para sa nasabing klasipikasyon. Sa kabuuan, ipinapakita ng sistemang ito ang sistematikong pag-uuri ng pandiwa batay sa kanilang morpolohikal na katangian at distribusyon ng mga panlapi.

Maliban sa mga *verb entries*, wala ring *word formation processes* ang ibang mga salita na binubuo ng rut at afiks na diksyunaryo ni Wolff. Ang mga *word formation processes* ay napakahalaga sa isang diksyunaryo dahil dito makikita ang proseso kung paano nabubuo ang mga bagong salitang ginagamit ng isang tao at kung paano ito dapat itala at ipaliwanag sa diksyunaryo (Bhaskaran & Mahendran, (2017).

**hibuylas** *see* \*BUYLAS.

**higayun** *see* GAYUN.

Ang dalawang *entry* sa naunang pahina ay ilan lamang sa mga *lemma* na hindi kakikitaan ng *word formation processes*. Ang 'bibuylas' na mula sa rut na 'buylas' at 'higayun' na mula sa rut na 'gayun' ay hindi morfolohikal na ipinaliwanag partikular ang infleksyonal na katangian ng mga ito. Mula pa rito, walang depinisyon ang nakalakip sa mga *lemma* na ito maging ang ilustrasyon sa pagkakabuo ng rut at ang pagdaragdag ng afiks, katulad ng 'hi-'

**hapathapat** *v* [A; a12] move fast with long strides. *Hapathapatun lang sa tagabúkid ang lungsud*, Mountain people come to town just by walking fast.

**hikabhikab** *v* [A13] for the heart to beat fast in excitement at the thought of achieving a great desire. *Nagbhikabhikab kug pakigkitá sa ákung trátu*, I'm all excited about meeting my girl friend.

Gayundin, sa mga halimbawang 'hapathapat' at 'hikabhikab,' hindi malinaw kung ang mga ito ay tunay na *compound words* o isang payak na salita lamang sapagkat walang ibinigay na morpolohikal na paliwanag sa diksyunaryo kung paano naganap ang kanilang pagbuo. Mula rito, maaaring makapagdulot ito ng kalituhan sa mga mambabasa na may ibang wika dahil maaaring ang mga ito ay hindi tambalang salita kundi mga anyong reduplikasyon lamang na nagpapakita ng kakulangan sa morpolohikal na anotasyon sa mga *entry*.

### 3.1.7. Front Matters

Inilahad ni Landau (2001) na ang mga artikulo sa *front matter* ay madalas na hindi binabasa ng mga ordinaryong gumagamit ng diksyunaryo, ngunit ito ay mahalaga para sa mga kritiko upang matukoy ang kalidad ng gawa. Ang *front matter* ay kadalasang naglalaman ng mahahalagang gabay sa paggamit ng diksyunaryo, kasaysayan ng wika, at mga sanaysay tungkol sa etimolohiya at gramatika. Bagaman praktikal ang gabay para sa mga mambabasa, ang ibang artikulo ay madalas na isinasama upang magbigay ng prestihiyo sa aklat at makuha ang atensyon ng mga kritiko.

Sa *Preface* ni Wolf, nilinaw niya na ang layunin nito ay ipaliwanag ang salitang Cebunao sa paraang maiintindihan ang kulturang pinagmulan nito, hindi lang para bigyan ng katumbas na salitang Ingles. Binanggit din niya na ito ang naging

bunga ng 11 taong trabaho ng mahigit sandaang tao. Naglaan din ito ng listahan ng mga daglat (abbreviations) upang hindi maging paulit-ulit at masyadong makapal ang libro.

Makikita rin ang detalyadong gabay sa linggwistika na nagpapaliwanag sa wastong pagbigkas, iba't ibang diyalekto ng Cebuano, at mga panuntunan sa gramatika gaya ng paggamit ng mga panlapi. Layunin nitong bigyan ang mambabasa ng malalim na pag-unawa sa istruktura at tamang pagbuo ng mga salita bago gamitin ang mismong diksyunaryo.

Bagaman detalyado ang linggwistikang parte ng *front matters* ng diksyunaryo ni Wolf, nanatiling kulang pa rin ito sapagkat bigo nitong mailagay ang gabay sa paggamit (*user's guide*) nito. Ayon sa mga pag-aaral nina Zgusta (1971) at sa Desiderata of Bilingual Dictionary ni Haas na nabanggit sa libro ni Landau (2001), mahalaga ang *user's guide* dahil nagsisilbi itong susi sa pag-unawa sa mga sistematikong kodigo, daglat, at simbolong ginamit upang maipaliwanag ang masalimuot na mikroestruktura ng diksyunaryo. Tinitiyak nito na ang mga mambabasa ay magagabayan nang wasto sa tamang paggamit, pagbigkas, at pag-unawa sa mga impormasyong gramatikal at semantiko na nakapaloob sa leksikon.

### 3.1.8. Back Matters

Ang back matter ay nagsisilbing apendiks na naglalaman ng mga praktikal na impormasyon gaya ng listahan ng mga sukat, bantas, at pangalan ng mga lugar o tao na hindi isinama sa pangunahing listahan (Landau, 2001). Para sa mga nag-aaral ng wika, madalas din itong maglaman ng mga espesyal na gabay sa irregular verbs, tamang pagbabaybay, at iba pang kagamitang pang-edukasyon upang mas mapalalim ang pag-unawa sa wastong paggamit ng wika (Landau, 2001, pp. 116–117).

Sa pagsusuri sa back matters ng e-dictionary ni Wolf, nakalagay roon ang kumpletong *bibliography* ng diksyunaryo. Bahagi rin ng e-dictionary ang *colophon* o isang bahagi pagkatapos ng libro kung saan naglalaman ito ng detalyadong sanggunian. Nabanggit rin na nagkaroon ito ng pagbabago o pag-update ng site.

### 3.2. Haas's Desiderata for a Bilingual Dictionary

Maituturing ang 'A Cebuano Visayan Dictionary' ni John U. Wolff bilang isang komprehensibong bilinggwal na diksyunaryo na may tinatayang 25,000 *entry-word*. Bawat entry count ay nabuo sa pamamagitan ng leksikohikal na kaalaman sa teoritikal linggwistiks partikular sa aktwal na paggamit ng mga salita at sentens sa Cebuano. Mula rito, ginamit ng mananaliksik ang Haas's Desiderata for a Bilingual Dictionary na binanggit sa pag-aaral ni Landau (2001) bilang ebalwasyon sa bisa at fanksyon ng diksyunaryo bilang isang bilinggwal na uri ng diksyunaryo.

#### 3.2.1. It provides translation with each word in the source language

Batay sa pinakaunang desiderata for bilingual dictionary na binanggit ni Haas (nasa Landau, 2001), dapat magtaglay ng salin ang bawat entry sa diksyunaryo. Dahil dito, isa sa naging kalakasan ng diksyunaryong ito ay ang pagbibigay ng eksaktong salin sa bawat entry ng Cebuano. Kung titingnan ang entry na **mayaman**, tama na ang direktang salin nito ay *rich* sa Ingles. Bagaman, nakitaan ng error ang entry na ito dahil ang terminong mayaman ay mula sa tagalog at hindi taal sa Cebuano. Gayunpaman, isa pa sa kalakasang nakita sa diksyunaryo ay ang paglalarawan ng partikular na entry kapag wala itong direktang salin sa Ingles tulad ng sa terminong **hiluy**. Sa ganitong paraan, nakatutulong ito sa mas mabilis na pag-unawa at pag-intindi sa mga termino ng wikang Cebuano.

**mayáman** *a* rich, moneyed (colloquial). *Mayáman kaáyu ku run kay bag-ung swildu*, I am very rich now because I have just received my pay  
**hiluy** *v* [B; c] for the eyes to droop. *Naghiluy na ang íyang mata sa kakatulgam*, Her eyes are drooping from drowsiness. *a* droopy-\*eyed.

Maliban pa sa obserbasyong ito, naging kalakasan rin ng diksyunaryo ang pagbibigay ng salin sa bawat ilustratibong sentens at halimbawa mula sa Cebuano patungong Ingles. Sa pamamagitan nito, hindi lamang natututunan ng isang mambabasa ang salin ng entry mula Cebuano patungong Ingles, kundi natututo rin siya kung paano ito gamitin sa pangungusap gayundin sa konteksto nito. Kung mapangansin sa halimbawang entry, pagkatapos ng halimbawang sentens sa Cebuano ay kaagad itong sinusundan ng salin sa Ingles. Ipinapakita sa diksyunaryo ang angkop na pamamaraan sa paggawa ng isang mabuting bilinggwal na diksyunaryo.

Para naman sa saklaw ng leksikon sa diksyunaryo, isang kalakasan nito ang paglalagay ng kategorya ng leksikon tulad ng kolokyal, slang, humorous, at iba pa, na makikita sa halimbawa sa ibaba. Tulad ng pagdodokumento ng wika, mahalagang malaman kung saan at paano ang aktwal na gamit ng mga salita para sa kontekstwal na kaalaman ng mambabasa sa diksyunaryo.

**mayhu, mayhum** (from *humay*) *n* rice (humorous slang). *Ayay! Mayhum diyay karun ang átung kan-un*, Goody. We are going to have rice today. *v* [A1] eat rice as one's staple.

**maylab** *n* one's sweetheart or loved one (humorous). *Imu nang maylab ang imung kúyug? Was that your sweetheart that was with you?*  
**nā** *n* 1 representation for the sound made by a goat. 2 goat (slang). *Mukáun kug m<sup>2</sup> piru di kug aw-aw; I eat goat meat but not dog.*

Sa pamamagitan nito, natutukoy ng mambabasa kung alin ang pormal at di pormal na gamit ng mga entry ayon sa angkop sa kombersasyong paggagamitan.

### 3.2.2. Usage guidance is given

Ayon kay Lee (2010), ang usage ay itinuturing bilang isang mahalagang sangkap sa isang diksyunaryo, maging sa mga bilinggwal na diksyunaryo. Dagdag niya pa, ang usage sa leksikograpiya ay tumutukoy sa aktwal na paggamit ng mga salita sa wika. Saklaw nito ang *currency* o kung napapanahon pa ba ang isang salita, at ang *frequency* o kung gaano ito kadalas gamitin. Mahalaga ito upang matiyak na ang diksyunaryo ay kumakatawan sa kasalukuyang gamit ng wika. Kabilang din sa usage ang iba't ibang rehistro ng wika tulad ng *slang*, *taboo words*, at mga kolokyal na ekspresyon, na nagbibigay-linaw sa konteksto at paraan ng paggamit ng mga salita sa tunay na komunikasyon. Sa diksyunaryong 'A Cebuano Visayan Dictionary' ni John U. Wolff, natuklasan ng mga mananaliksik ang gamit ng *usage* bilang gabay sa pagbibigay ng impormasyon mula Cebuano patungong Ingles ngunit nakita rin na hindi ganap na natutugunan ng diksyunaryo ang pamantayan ng *usage guidance*.

Makikita na ang diksyunaryo ay may sa sistematikong pagmamarka ng rehistro ng wika ngunit limitado lamang ito. Sa ilang pagkakataon, may makikitang label na *slang* sa mga *entry*. Halimbawa, ang salitang *huldir* ay binigyang-kahulugan bilang "one who is most influential and feared in a certain place for his power and toughness (slang)," at sinundan pa ng mga halimbawang pangungusap tulad ng "Si Nardong Putik maoy huldir sa Bilyagonzalo." Gayundin, ang *bigsyat* ('big shot') ay malinaw ding minarkahan bilang (slang) at may kaakibat na berbal na anyo (v [B126; a2]) na nagpapakita ng paggamit nito sa pangungusap.

**bigsyat** *n* big shot (slang). *v* [B126; a2] get to be a big shot.

**huldir** *n* one who is most influential and feared in a certain place for his power and toughness (slang). *Si Nardong Pútik maoy buldir sa Bilyagunsálu, Nardong Putik is the number one tough in Villagonzalo. v* [A1; b(1)] become the number one tough in a place (slang). *Ang tibuuk Pásil maoy iyang gibuldiran, He is the acknowledged number one tough in the whole Pasil district. istak — n stockholder.*

Sa kabila nito, limitado ang ganitong uri ng pagmamarka, sapagkat hindi ito konsistent na makikita sa lahat ng *entry*. Ibig sabihin, bagama't may indikasyon ng rehistro sa ilang salita, hindi ito sistematikong naiaaplay sa kabuuan ng diksyunaryo, kaya nananatiling bahagya ang pagbibigay ng usage guidance hinggil sa rehistro ng wika.

Hindi rin malinaw ang pagtukoy sa *currency* at *frequency* ng mga salita. Dahil sa walang etimolohiya ang mga lahok, napansin na wala ring label na nagsasaad kung ang isang leksikal na yunit ay lipas na (*archaic*), bihira (*rare*), o karaniwang ginagamit (*common*). Dahil dito, hindi natutulungan ang mambabasa na maunawaan ang dinamika ng wika kung alin ang aktibong bahagi ng kontemporaryong leksikon at alin ang historikal na lamang.

Limitado naman ang pagtalakay sa sosyolinggwistikong dimensyon ng paggamit. Halos walang indikasyon ng mga sensitibong kategorya tulad ng *taboo words* o mga ekspresyong may partikular na implikasyong panlipunan. Sa konteksto ng bilingual lexicography, mahalaga ang ganitong impormasyon sapagkat ang kahulugan ng salita ay hindi lamang semantiko kundi nakaugat din sa kontekstong panlipunan at kultural. Gayunpaman, maaaring ipaliwanag ang ganitong kakulangan sa layunin at disenyo ng diksyunaryo. Ang akda ni Wolff ay malinaw na nakatuon sa istruktural at deskriptibong linggwistika, kung saan higit na pinahahalagahan ang sistematikong paglalarawan ng morpolohiya at sintaks ng Cebuano kaysa sa pragmatikong paggamit nito. Sa ganitong pananaw, ang diksyunaryo ay nagsisilbing sangguniang linggwistikong kaysa praktikal na gabay sa paggamit ng wika.

Sa kabuuan, bagama't maituturing na mataas ang halaga ng diksyunaryong ito sa larangan ng linggwistika, lalo na sa morpolohikal na analisis, hindi nito ganap na natutugunan ang pamantayang "*usage guidance is given*" ni Haas. Ipinapakita nito ang isang mahalagang puwang sa pagitan ng tradisyunal na deskriptibong leksikograpiya at ng makabagong pangangailangan para sa mas kontekstual at gamit-sentrik na representasyon ng wika.

### 3.2.3. Names are included

Tumutukoy ang prinsipyong “Names are included” sa pagsasama ng mga *proper nouns* bilang bahagi ng mga *entry* sa diksyunaryo, tulad ng pangalan ng tao, lugar, at iba pang tiyak na identidad.

Gayunpaman, sa pagsusuri ng *A Dictionary of Cebuano Visayan* ni John U. Wolff, hindi makikita ang sistematikong pagsasama ng mga pangalang pantangi bilang hiwalay na mga *entry*. Ang diksyunaryo ay pangunahing nakatuon sa mga karaniwang salita at sa kaniang morpolohikal at semantikong katangian, at hindi nagbibigay ng listahan o detalyadong pagtalakay sa mga *proper nouns*. Dahil dito, masasabi na hindi natutugunan ng diksyunaryong ito ang prinsipyong “Names are included” sa balangkas ni Haas.

### 3.2.4. Special Vocabulary Items

Ang special vocabulary items ay tumutukoy sa pagsasama ng mga espesyalisadong termino, tulad ng mga salitang siyentipiko. Sa pagsusuri sa diksyunaryo, mapapansin na may ilang *entry* na nilalagyan ng scientific names, lalo na sa mga terminong may kaugnayan sa hayop at halaman.

**dità** *n* k.o. big tree with a light wood used for making wooden slippers, the bark of which is medicine against malaria: *Alstonia scholaris*.

**gunù** *n* 1 small fish with silvery sides of mullet-like appearance: *Allanetta forskali* and *Pranesus duodecimalis*. 2 name given to a slow-witted person.

Gayunpaman, hindi ito konsistent na naipapatupad sa buong diksyunaryo, sapagkat may mga lahod na kabilang din sa larangang siyentipiko ngunit walang kalakip na scientific name. Dahil dito, nagiging hindi pantay ang presentasyon ng mga espesyalisadong termino sa diksyunaryo.

Kapansin-pansin din na may ilang *entry* na tumutukoy sa hayop o halaman ngunit walang kalakip na scientific name. Sa halip, nilalagyan ang mga ito ng daglat na “k.o.” (kind of) upang ipahiwatig na ito ay isang uri lamang ng tinutukoy na referent.

**dap-ag** *n* k.o. poisonous sea urchin, similar to *tuyum* but with white spots on the spines.

**dápak** *n* k.o. fish similar to a spotted snapper in shape, but much smaller.

Kaugnay rito, nagiging hindi pantay ang presentasyon ng mga espesyalisadong termino, sapagkat ang ilan ay may tiyak na klasipikasyong siyentipiko habang ang iba ay nananatiling deskriptibo lamang. Sa kabuuan, bagama’t may presensya ng *special vocabulary items* sa diksyunaryo, bahagya lamang nitong natutugunan ang pamantayan ni Haas dahil sa kakulangan sa konsistent at sistematikong pagbibigay ng *scientific information*.

### 3.2.5. Spelling aids and alternative spellings are included

Makikita sa diksyunaryo ang mga spelling aid at alternative spellings. Ayon kay Haas, ang isang mabuting diksyunaryo ay dapat magbigay ng tulong sa tamang baybay at magpakita ng mga alternatibong anyo ng salita. Lubos na nasunod ni Wolff ang aspetong ito. Sa seksyong *Abbreviations and Symbols*, malinaw na gumagamit siya ng simbolong “=” upang ipakita ang alternatibong pagbigkas o baybay (alternative pronunciation/spelling). Halimbawa, kung ang isang salita ay may ibang anyo sa ibang diyalekto, ituturo nito ang gumagamit sa pangunahing anyo ng salita.

**abgaw** = **ADGAW**. **-un** *n* k.o. snapper with a yellow streak along the body: *Lutianus sp.*

Nagbigay si Wolff ng malawak na paliwanag sa *Phonology and Transcription* sa introduksyon. Dahil ang Cebuano ay may mga katangiang tulad ng pagpapalit-palit ng “u” at “o” o “i” at “e,” ipinaliwanag ni Wolff ang mga alituntunin sa likod nito upang hindi malito ang mambabasa sa paghahanap ng salita.

We write only three vowels: *i, u, a*. In Cebuano publications /i/ is sometimes written *i*, sometimes *e*, but with no consistency; and /u/ sometimes is written *u*, sometimes *o* (again with no consistency). But here the letters *e* and *o* are not used.

Ang diksyunaryo ay hindi lamang listahan; ito ay may serye ng mga *cross-reference* na nagsisilbing gabay kung ang hinahanap na baybay ng gumagamit ay hindi ang “standard” na ginamit sa libro.

### 3.2.6. Pronunciation is included

Isa sa pinakamalakas na bahagi ng diksyunaryo ang pagbigkas. Ang aspetong ito ay isa sa pinakamalakas na bahagi ng gawa ni Wolff, na madalas ay nakakaligtaan sa ibang mga diksyunaryong Pilipino.

Gumamit si Wolff ng isang sopistikadong sistema ng transkripsyon upang matiyak ang tamang pagbigkas. Gumamit siya ng mga *diacritics* tulad ng *macron* at *acute accent* (halimbawa: *á*) upang ipakita ang haba ng patinig at ang diin (stress).

Long vowels are indicated with an acute accent: *nagdá* [nagdá] 'is bringing', *lána* [lána] 'coconut oil'. (Cebuano publications occasionally indicate long vowels by doubling them, but most frequently long vowels are ignored.)

Sa kanyang *Introduction*, tinalakay niya ang *Alternations* at *Phonology*, kung saan ipinaliwanag kung paano nagbabago ang tunog ng isang salita kapag ito ay nilapian. Halimbawa, ang paglipat ng diin (stress shift) ay minamarkahan ng mga simbolo tulad ng (→) o (←).

The general rule is that an affixed form has the stress on the same syllable as the root alone. Where this general rule is broken, there is said to be **SHIFT OF STRESS**. When an affixed form has final stress where the root had penultimate stress, there is said to be **SHIFT TO THE FINAL SYLLABLE**, indicated by the symbol (→):

káun /káʔun/ 'eat' + nag- = nagkaun /nagkaʔun/ 'is eating'  
(→)  
tugnaw /túgnaw/ 'cold' + - = tugnawun /tugnawún/ 'be cold'  
un(→)

When an affixed form has penultimate stress where the root had final stress, there is said to be **SHIFT TO THE PENULTIMATE SYLLABLE**, indicated by the symbol (←):

sakay /sakáy/ 'ride' + nag- = nagsákay /nagsákay/ 'ride together'  
(←)

Bagaman tumpak, ang sistemang ito ay teknikal. Para sa isang karaniwang mambabasa na walang background sa linggwistika, maaaring maging mahirap intindihin ang mga simbolo (tulad ng glottal stop na hindi laging kitang-kita sa karaniwang baybay).

### 3.2.7. It is compact in size-which obviously limits its coverage of items

Ang desideratum na ito ni Haas ay nagsasaad na ang diksyunaryo ay dapat madaling dalhin o gamitin, na madalas ay naglilimita sa lawak ng sakop nito. Dito hindi sumunod ang diksyunaryo ni Wolff sa tradisyunal na kahulugan ng *compact*. Ang pisikal na kopya ng diksyunaryong ito ay napakakapal, na may higit sa 1,100 na pahina (hanggang pahina 1,164). Naglalaman ito ng humigit-kumulang 25,000 entries at karagdagang 700 sa addenda.

Pinili ni Wolff na unahin ang *comprehensiveness* kaysa sa pagiging *compact*. Sa halip na magbigay lamang ng maikling katumbas sa Ingles, nagbigay siya ng mahahabang paliwanag at mga halimbawang pangungusap na gawa ng mga *native speakers* upang ipakita ang tamang gamit.

**búngut** *n* 1 beard, mustache. 2 pubic hairs (euphemism). 3 = **BU.BU.**, 2. *v* 1 [a4] for a beard to grow on one. 1a have pubic hairs (euphemism). *Gibúngut na lang mu piru magbindátá gihápun.* You already have pubic hairs, but you are acting like children. 2 [c] put a beard on s.t. **pa-** *v* [A1] allow one's beard, mustache to grow. **hiN-** *v* [A; b6] pluck or shave a beard or mustache. **panghiN-** *v* [A2] pluck or shave one's beard, mustache. **bungutbungut** *n* 1 woolly, hairy material. 2 name given to grasses of waste places with numerous spikes: *Chloris spp.* **bungutbungut** 1 = **BUNGUTBUNGUT**. 1. 2 *n* tassel fish (*Polynemus spp.*), fishes with filamentous rays coming from under the head. - **an** *n* general term for catfish. **bungtan** *n* name given to goat fish (*rimbangan*) with long barbels on the face. **hiN-** *n* s.t. used to pluck or shave the beard or mustache. - **un** *a* 1 bearded. 2 goon. *Mudagsang ang mga bungutun panahun sa pilay.* There are goons in droves during elections. *v* [B1456] be a goon. **bungutbungutun** *a* hairy.

Dahil sa dami ng sub-entries (mga pandiwa na nagmula sa pangngalan) at mga halimbawang pangungusap, ang entry para sa isang simpleng salita tulad ng "bungut" ay maaaring umabot ng kalahating kolum. Sa mahigit 1,100 na pahina, malinaw na nilabag ni Wolff ang pagiging *compact* upang maibigay ang lahat ng impormasyong hinihingi sa unang walong (8) punto ng desiderata ni Haas (tulad ng grammatical at semantic information).

Sa panahon ngayon, ang bersyong *e-dictionary* (tulad ng nasa Project Gutenberg) ay nagresolba sa isyu ng sukat dahil madali na itong ma-access sa digital na paraan. Ngunit kung susuriin ang orihinal na anyo nito noong 1972, ito ay itinuturing na *bulky* at hindi isang *pocket dictionary*.

## Konklusyon at Implikasyon

Sa kabuuan, maituturing na mahalaga ang naging ambag ng diksyunaryong Cebuano ni Wolff sa larangan ng leksikograpiya gayundin sa mga pagdokumento at pag-iimbak ng bokabularyo ng wika para sa mga tagapagsalita nito. Matapos maisagawa ang microstructure na pagsusuri kung saan ginawang gabay at batayan ang *Basic Elements of Dictionary* ni Landau (2001) at ang *Desiderata for Bilingual Dictionary* ni Haas (nasa Landau 2001), natuklasan ang kalakasan at kahinaan nito. Pagtapos nito ay sumunod naman ang paglatag ng mga mananaliksik ng mga suhestyon para sa ikabubuti ng mga susunod pang isasagawang diksyunaryong Cebuano batay sa microstructure na aspeto.

Habang sinusuri ang diksyunaryo gamit ang gabay na *Basic Elements of Dictionary* ni Landau (2001), nakita na may ilan sa mga elemento ng diksyunaryo ang hindi gaanong pinagtutuunan ng pansin tulad ng paraan ng bigkas o *pronunciation* at etimolohiya ng mga salita. Tulad ng nabanggit, mahalagang mapagtuunan ng pansin ang dalawang elementong ito lalo na kung ang mambabasa ay hindi katutubong tagapagsalita. Sa paraan ng pagbigkas, hinaylat lamang ang mga *entry* na may pagpapahaba ng mga vawel ngunit hindi ito sapat upang matutunan ang tamang bigkas nito. Sa sunod na mga isasagawang diksyunaryo, mas maiging taglayin nito ang *syllabification* ng leksikon at tamang paglalagay ng diin. Bukod dito, mahalaga ring mapagtuunan ang paglalagay ng etimolohiya lalo pa't hindi lahat ng mga entring nakapaloob sa diksyunaryo ay taal sa Cebuano. Mayroong mga *entry* na hiram mula sa Kastila at Ingles kung saan malaking faktor nito ang pangangalap ng korpus. Ayon nga kay Wolff, maliban sa aktwal na mga kambersasyon ng tagapagsalita, kumuha rin siya ng korpus mula sa maikling kwento at aklat na nakasulat sa Cebuano (1966). Dahil dito, maaaring may mga salitang hindi naman kadalasang ginagamit ng mga tagapagsalita sa araw-araw na pamumuhay. Gayundin, hindi rin nabanggit sa diksyunaryo kung ano ang naging batayan sa pagpili ng mga *entry* tulad halimbawa kung may pinagbabatayan ba itong *frequency* sa pagpili ng mga ipapasok na *entry* sa diksyunaryo, kung saan itinuturing na naging kahinaan din ng pag-aaral.

Kaugnay naman sa *grammatical information*, bagama't masusing nailalarawan ang bawat lemma sa aspektong linggwistiko, nananatiling limitado ang aplikasyon nito sa kabuuang *entry*, partikular sa pagbibigay-gabay kung paano aktwal na gagamitin ang mga salita sa konteksto. Gayunpaman, mapatutunan ding ang diksyunaryo ni Wolff ay sumusunod sa mga teknikal na pamantayan ng leksikograpiya sa pamamagitan ng konsistent na sistemang *letter-by-letter* sa alpabetisasyon at ang paggamit ng mga *cross-reference* gaya ng *cf* at *k.o.*, upang ipakita ang ugnayan at pagkakaiba ng mga salita. Bagaman komprehensibo ang front matter sa pagtalakay ng linggwistika at ang *back matter* sa pagbibigay ng bibliograpiya, may kakulangan pa rin ito sa aspeto ng *user's guide* na itinuturing ni Landau na mahalagang susi para sa mga mambabasa upang ganap na maunawaan ang mga simbolismo at kodigong ginamit sa loob ng akda.

Para naman sa pagsusuri ng *Desiderata for Bilingual Dictionary* ni Haas (nasa Landau, 2001), isa sa kalasang natuklasan sa diksyunaryo ang paglalagay ng salin patungong Ingles sa lahat ng mga *entry* gayundin sa mga ilustratibong halimbawang nakasulat sa Cebuano. Naging mahusay rin ang paglalagay ng katagorya ng mga leksikon para sa pagtukoy kung kailan ginagamit ang mga salita ayon sa angkop na sitwasyon. Gayunpaman, lumitaw rin na bagama't natutugunan ng diksyunaryo ang ilang pamantayan bilang isang bilinggwal na sanggunian, hindi nito ganap na naibibigay ang komprehensibong usage guidance, lalo na sa aspekto ng rehistro, dalas, at pagiging napapanahon ng mga salita. Dagdag pa rito, hindi rin sistematikong naisama ang mga *proper nouns*, at ang presentasyon ng *special vocabulary items* tulad ng mga terminong siyentipiko ay hindi konsistent.

Sa kabila nito, malinaw pa ring ang gawa ni Wolff ay isang huwaring bilinggwal na diksyunaryo na nagbibigay-prioridad sa integridad ng impormasyon kaysa sa pisikal na anyo nito. Kahanga-hanga ang katumpakan nito sa pagpapakita ng tamang pagbigkas sa pamamagitan ng sopistikadong sistema ng transkripsyon at pagbibigay ng mga alternatibong baybay, na tumutugon sa pangangailangan ng mga gumagamit na hindi pamilyar sa masalimuot na ponolohiya ng Cebuano. Bagaman hindi nito nasunod ang pamantayan ng pagiging compact dahil sa kapal nito na lampas 1,100 pahina, ang sakripisyong ito sa sukat ay nagbigay-daan naman sa isang mas malawak at detalyadong pagtalakay sa semantika at morpolohiya na bihirang makita sa ibang mga diksyunaryong Cebuano.

Mula rito, inirerekomenda ng mga mananaliksik sa mga susunod na pag-aaral na pagtuunan naman ang *macrostructure* na pagsusuri ng diksyunaryo ni Wolff, partikular na ang paghimay sa paraan ng pagbibigay ng depinisyong sa mga *entry*. Mas maigi ring magsagawa ng mga komparatibong pag-aaral sa iba pang diksyunaryong Cebuano upang matukoy ang mga kalakasan at kahinaan ng mga ito, na magsisilbing basehan sa pagbuo ng mas mahusay na mga diksyunaryo sa hinaharap. Bukod dito, iminumungkahi rin ang paglalapat ng microstructural analysis sa iba pang rehiyonal na bilinggwal na diksyunaryo, lalo na sa mga barayti ng Cebuano sa Mindanao, upang makatulong sa higit na lokalisasyon at pagpapaigting sa implementasyon ng programang MTB-MLE. Dapat ding magsagawa ng malawakang rebisyon sa kasalukuyang diksyunaryo upang maipasok ang mga makabagong salitang lapat sa kontemporaryong panahon. Mahalagang maglagay ng malinaw na gabay sa paggamit o *user's guide* sa mga susunod na edisyon upang matulungan ang mga mambabasa na maunawaan ang mga sistematikong kodigo at simbolo ng akda. Kasabay nito, kinakailangang palakasin ang *digitalization* ng mga kagamitang pangwika upang mas madaling ma-access ng mga guro at mag-aaral ang mga de-kalidad na sanggunian. Ang lahat ng mga hakbang na ito ay inaasahang makatutulong nang malaki sa pagpapabuti ng mga kagamitang panturo at sa patuloy na pag-unlad ng pag-aaral sa wikang Cebuano sa mga darating na panahon.

## Pasasalamat

Hindi magiging matagumpay ang pag-aaral na ito kung wala ang mga indibidwal na nagbigay ng tulong, suporta, at ambag sa pagsasakatuparan nito, kung kaya't nararapat lamang silang bigyan ng taos-pusong pasasalamat.

Una sa lahat, buong pusong pasasalamat ang ipinaaabot ng mga mananaliksik sa Poong Maykapal na siyang naging sandigan ng lakas, karunungan, at patnubay sa buong proseso ng pagbuo ng pag-aaral na ito. Sa Kanyang walang hanggang biyaya at paggabay, naging posible ang matagumpay na pagsasakatuparan ng pananaliksik na ito.

Taos-pusong pasasalamat din ang inilalaan ng mga mananaliksik sa kanilang mga magulang at pamilya na naging pangunahing inspirasyon, katuwang, at tagapagbigay ng walang sawang suporta, pang-unawa, at pagmamahal sa buong panahon ng pag-aaral.

Lubos ding pinasasalamatan si Assist. Prof. Alia D. Ramber, PhD, bilang research adviser at propesor sa kursong FIL224: Teorya at Praktika sa Leksikograpiya, sa kanyang walang sawang paggabay, mahahalagang mungkahi, at pagbabahagi ng kaalaman na naging malaking ambag upang mapagyaman at maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Higit ding kinikilala ng mga mananaliksik ang suporta ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Mindanao State University – Iligan Institute of Technology sa pagbibigay ng akademikong kapaligiran at oportunidad upang maisagawa ang pag-aaral na ito.

Taos-puso ring pasasalamat sa mga sanggunian, aklat, at sa A Dictionary of Cebuano Visayan ni John U. Wolff na nagsilbing pangunahing batis ng datos at pundasyon ng pagsusuring isinagawa.

At higit sa lahat, pasasalamat sa lahat ng mga taong naging bahagi, sumuporta, at naniwala sa kakayahan ng mga mananaliksik upang matagumpay na mabuo ang pag-aaral na ito.

## Pondo

Hindi nakatanggap ang pananaliksik na ito ng anumang eksternal na pondo mula sa alinmang pampubliko, komersiyal, o not-for-profit funding agency. Wala ring organisasyong nagbigay ng pinansyal na suporta sa pagsasagawa ng pag-aaral, pagsulat, at publikasyon ng artikulong ito.

## Pahayag sa Salungatan ng Interes

Ipinahahayag ng mga may-akda na wala silang anumang nalalamang pinansyal na interes o personal na ugnayan na maaaring nakaimpluwensiya sa isinagawang pag-aaral at sa mga resulta na iniulat sa artikulong ito.

## Pahayag sa Pagkakaroon ng Datos

Maaaring makuha ang mga datos na sumusuporta sa natuklasan ng pag-aaral mula sa kaukulang may-akda sa pamamagitan ng makatwirang kahilingan.

## Mga Sanggunian

- Anderson, C., Bjorkman, B., Denis, D., Doner, J., Grant, M., Sanders, N., & Taniguchi, A. (2022). 5.5 lexical categories. In *Essentials of Linguistics, 2nd edition*. eCampus Ontario. <https://ecampusontario.pressbooks.pub/>
- Atkins, B. T. S., & Rundell, M. (2008). *The Oxford guide to practical lexicography*. Oxford University Press. <https://doi.org/10.1093/oso/9780199277704.001.0001>
- Bhaskaran M. & Mahendran, R. (2017). *Lexicography* [Master's thesis]. School of Humanities Tamil Nadu Open University. <https://www.scribd.com/document/799800913/Master-of-Arts-Linguistics-Lexicography>
- Bernad, Miguel A. (1972) "A Dictionary of Cebuano Visayan," *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*: Vol. 20: No. 4, Article 7. <https://doi.org/10.13185/2244-1638.2061>
- Cabazares, J.R. (2016). A Metalexigraphic Analysis of the Diksyunaryong Monolingwal sa Filipino (DMF): The Two Challenges Facing Filipino Lexicography. [researchgate.net/publication/399118613](https://www.researchgate.net/publication/399118613)
- Creswell, J. W. (2014). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (4th ed.)*. SAGE <https://www.scrib.org/reference/ReferencesPapers?ReferenceID=1964849>
- Durkin, P. (Ed.). (2016). *The Oxford handbook of lexicography*. Oxford University Press. <https://doi.org/10.1093/oxfordhb/9780199691630.001.0001>
- Jackson, H. (2002). *Lexicography: An introduction*. Routledge. <https://www.routledge.com>
- Landau, S. I. (2001). *Dictionaries: The art and craft of lexicography*. UK: Cambridge University Press. <https://archive.org/>
- Lee, A. (2010). *The Filipino monolingual dictionaries and the development of Filipino lexicography*. Philippine Social Science Review, pp. 369-401. <https://www.researchgate.net/publication/322656472>

- Loeb, S., Dynarski, S., McFarland, D., Morris, P., Reardon, S., & Reber, S. (2017). *Descriptive Analysis in Education: A Guide for Researchers*. NCEE 2017-4023. National Center for Education Evaluation and Regional Assistance. <https://ies.ed.gov/ncee/pubs/20174023/>
- Tamil Nadu Open University. (2017). *Lexicography* (MAL-25). School of Humanities. <https://www.scribd.com/document/799800913/Master-of-Arts-Linguistics-Lexicography>
- The 17 goals*. (n.d.). Sdgs.un.org. <https://sdgs.un.org/goals>
- Wolff, J.U. (1972). *A Dictionary of Cebuano Visayan*. Linguistic Society of the Philippines. <https://www.gutenberg.org/>
- Wolff, J.U. (1966). *Beginning Cebuano, Part I*. Yale University Press. <https://theswissbay.ch/>

## Mga Apendiks

Walang kalakip na mga apendiks sa pag-aaral na ito